Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat Muslim na bumibigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon dahil dito ng isang gawang maganda. Pag-iibayuhin para sa kanya ang pabuya hanggang sa sampung tulad nito. Pagkatapos nilinaw niya iyon sa sabi niya: "Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik." Kaya ang mga ito ay tatlong titik, na sa mga ito ay may tatlumpung gawang maganda.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6275